THE SPECTRUM
E-ISSN: 3116-2851 VOL.2 NO.1 A COLLECTION OF CREATIVE WORKS

# Maling Pagmamahal

Dr. MARIBEL A. GUTIERREZ
Batangas State University-The National Engineering University

I
Ang tutulain ko'y buhay ng mag-anak
Mag-anak na ito ay anak mahirap
At sila ay mayroon apat na anak
Na panay lalaki, gwapo sila lahat

**II**
Trabaho ng ama ay magkakalesa
Ang pangungutsero hanapbuhay niya
Ito namang ina isang labandera
Sila'y magkatulong sa paghanap ng pera

III
Sa tinagal tagal ama ay nagkasakit
Sapagkat malimit matuyuan ng pawis
Ng may ilang buwan buhay ay napatid
At sila'y naiwan sa gitna ng hapis

IV
Ito namang ina na isang payatin
Ay hindi nagtagal at nagkasakit din
Sa tindi ng dusa at mga hilahil
Ay hindi nagtagal ay sya'y namatay din

V
Ang magkakapatid ulila ng lubos
Sila'y nabubuhay sa paghihikahos
Ngunit ang panganay ay buo ang loob
Sa tatlong kapatid siyang nagtaguyod

VI
Sa mabuting palad nagkahanapbuhay
Ang mga kapatid ay napapag-aral
May awa ang Diyos at sya'y tinulungan
Sapagkat mabait di pinabayaan

VII
Sa madaling  salita ay napapagtapos
Ang isa'y Nautical, isa'y Architecture
Ang isa'y Engineer, ito ay contractor
Anupa ang tatlo pinalad nalubos

VIII
At ang tatlong ito'y nagsipag asawa

Umunlad ang buhay ngayo'y mayaman na
Ngunit ang panganay na tumayong Ama
Ni sa guniguni di na ala-ala

IX
Panganay na ito ang siyang naghirap
Malimit di nakain nasala sa oras
Palibhasa ito'y lumaki sa hirap
Hindi iniinda gutom na dinanas

X
Anupa at ito'y pulubing mistula
Sa mga lansangan ay pagala - gala
Ang mga kapatid nakaririwasa
Kanilang nalimot itong kumalinga

XI
Ngunit isang araw ay may natagpuan
Sa gitna ng kalye na lalaking bangkay
Ang patay na ito yun palang panganay
Itong paghihirap hindi nakayanan

XII
At ng ito naman ay nabalitaan
Ang magkakapatid nama'y nagsidalaw
Sila'y napaiyak ng kanilang masdan
Gulanit ang damit suot sa katawan

XIII
Ang isang kapatid ay ang ibinigay
Magarang damit suot ay pinalitan
Tatlong lilibuhin sa dibdib inilagay
Ngunit itong isa singsing na makinang
'Sang malaking kwintas ang sa isa naman

XIV
Nang kanilang masdan kanilang kapatid
Ay matinding awa namahay sa dibdib
Ngayon napagtanto kanilang naisip
Ginawang mabuti ng sila'y maliit

XV
At sapagkat sila'y maagang naulila
Ito ang nagsakit mapag-aral sila
Kaya marapat lang na sya'y lumigaya
Ngunit sya'y nabigo sa kapatid niya

XVI
Mga ito naman ngayo'y nagsisisi

Magsisi ma't huli walang mangyayari
Ikaw ay mahal namin ang kanilang sabi
Ngunit "Maling Pagmamahal" sapagkat nahuli

XVII
At sayang na sayang inyong pagmamahal
Di naipadama sa kinauukulan
Ngayong siya'y ganap na isa ng bangkay
Hindi nya nakita inyong ibinigay

XVIII
Siguro ay tuwa niya ay gayon na lamang
Kung ang bigay ninyo kanyang nahawakan
Ang magarang damit singsing na makinang
Kwintas at salapi hindi na natingnan

XIX
Ang lahat ng ito'y walang kabuluhan
Pagkat di nakita nitong pinagbigyan
Magsisisi man kayo;y walang kasaysayan
Pagkat kapatid nyo'y malamig ng bangkay

XX
At dito naganap sa tula kong ito
Aanhin pa ang damo, kung patay na ang kabayo
Sapagkat huli na ng magsisi kayo
Maling Pagmamahal pinalasap ninyo

XXI
Ang tula kong ito'y mayroong isang aral
Na dapat mahalin karugtong ng buhay
At lalong lalo na ang inyong magulang
Kahit matanda na'y huwag pababayaan
At huwag iuukol "Maling Pagmamahal"

-Wakas-